

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inaaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang unang Off-Grid Organic Food Shed ng Brampton

BRAMPTON, ON (Mayo 5, 2021) – Sa araw na ito, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang Off-Grid Organic Food Shed, isang nagsusustina sa sarili, regenerative na sistema sa pagkain na lilikha ng pagkain para sa maraming pamilya sa Brampton. Ang food shed ay matatagpuan sa at suportado ng Brampton Fire Station 212, sa 8220 Mississauga Road, sa loob ng anim na buwang pilot simula sa summer na ito.

Ang Off-Grid Organic Food Shed ay ibibigay ng Nature Harmony at isang zero-energy greenhouse structure na magpapatubo ng pananim mula sa food shed at ido-donate sa Regeneration Outreach Community para pakainin ang mga pamilya sa Brampton, bilang bahagi ng [2021 Programa sa Hardin sa Bakuran](#).

Ang inobatibong teknolohiya na ito ay naglalaman ng sarili nitong ecosystem, gamit ang kombinasyon ng automated soil, hydroponics, at aquaponics systems para patubuin ang nakakain na mga organic na prutas at gulay, at kahit na ang nakakain na isda. Ang shed ay zero-waste at walang carbon, pinapaandar ng solar at wind renewable energy, at itinayo para hindi maaapektuhan ng marahas na winter.

Kabilang din sa sustenableng indoor farm ang isang tablet na may pangkat ng pang-edukasyong mga gawain at eksperimento, at lahat ng kinakailangang materyal, para ihikayat ang interactive na pag-aaral para sa mga tao anuman ang edad.

Pinapasulong ng Programa sa mga Hardin sa Komunidad ng Brampton ang mga layunin ng [Brampton Grow Green Environmental Master Plan](#), na binanggit ang agrikultura sa urban bilang pagkakataon para sa Lungsod. Ang Brampton Fire and Emergency Services ay sumali rin sa Programa sa Hardin sa Bakuran noong 2020, kung saan ang team ay nagtanim at tumulong sa pag-facilitate sa malaking mga donasyon sa pananim sa komunidad.

Mga Quote

“Inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang unang Off-Grid Organic Food Shed ng Brampton na matatagpuan sa Brampton Fire Station 212, at suportado ng staff ng Brampton Fire sa lokasyon. Ipinagmamalaki nating mapagtibay ang mga bagong huwaran sa pagiging sustainable sa Brampton, lalo na sa mga direktang sumusuporta sa mga residente at sa ating pagsisikap na mabawasan ng 80% ang GHG bago lumipas ang 2050.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Luntiang Lungsod, at wini-welcome natin ang lahat ng inobatibong solusyon para sa kaligtasan at seguridad sa pagkain para sa ating mga residente. Ang Off-Grid Organic Food Shed ay lumilikha ng sarili nitong enerhiya, minimintina ang zero-waste system, nagha-harvest ng tubig-ulan, at hinuhuli ang carbon at inilalabas ang sariwang oxygen. Ito ay isang milestone sa agrikultura sa urban, at nananabik tayo na makatulong sa pangunguna sa daan.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Off-Grid Organic Food Shed ay susuporta sa maraming residente sa panahong may COVID-19 bilang bahagi ng Programa sa Hardin ng Brampton. Itong nagsusustina sa sarili, huwaran ng pagpapatubo ng organic na pagkain ay nagpapakita sa pangangailangan, pagpapahalaga, at mga paraan ng lokal na pagpapatubo ng pagkain, at nagpapalakas sa atin gamit ang mga tool at kaalaman para sa mas sustenableng kinabukasan.”

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod Wards 2 at 6; Chair, Programa sa Hardin sa Bakuran, Lungsod ng Brampton*

“Committed ang staff ng Lungsod sa mga pagkakataon para sa seguridad sa pagkain at pagiging sustainable sa kapaligiran sa Brampton. Ang staff sa Brampton Fire Station 212 ay sasanayin para masuportahan ang Off-Grid Organic Food Shed, na makakatulong para makamit ang mga layunin sa pagiging sustainable ng Brampton.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang Nature Harmony ay isang non-profit na organisasyon na nakatuon sa pagtataguyod, pag-facilitate at pagpapalakas sa mabisang pangangalaga sa mundo. Ang proyektong Off-Grid Organic Food Shed, sa pakikipagtulungan sa Programa sa Hardin sa Bakuran ng Brampton at ng Brampton Fire, ay nagtataguyod ng sustainable at mga inisyatiba sa regeneration sa pamamagitan ng paghihikayat sa Lungsod, komunidad, at indibidwal na muling pag-isipan ang kanilang relasyon sa kalikasan at ang ating kasalukuyang mga consumerist model.”

- *Phil Fung, Executive Director, Nature Harmony*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca